
8

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 6
## Kontribusyon ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Module**
**Unang Markahan – Modyul 6: Kontribusyon ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig.**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark,* palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

| Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Jerisse J. Parajes, Sheila M. Penza |
| **Mga Editor:** | Filipina F. Meehleib, Lileth F. Oliverio, Alfe S. Lito, Lilifreda P. Almazan, Benny T. Abala, Analiza G. Doloricon, Renato L. Latorre, John M. Anino, Lalaine S. Gomera, Dan Ralph M. Subla |
| **Mga Tagasuri:** | Marino L. Pamogas, Andrea D. Orillaneda, Leowenmar Corvera, Edwin C. Salazar, Marina Sanguenza, Honorato Mendoza, Edwin Capon, Joel Plaza, Fatima Notarte, Marites Alzate, Junel D. Lapinid |
| **Mga Tagaguhit:** | Lady Faith D. Reroma, Vlademer P. Baldomero, Neil W. Maca, Rizalino B. Wong |
| **Tagapaglapat:** | Paul Andrew A. Tremedal |
| **Mga Nangasiwa:** | Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol, Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Karen L. Galanida, Florence E. Almaden, Carlo P. Tantoy Noemi D. Lim Sammy D. Altres |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ___________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center,
J.P. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600
Telefax: (085) 342-8207; (085) 342-5969
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 6
## Kontribusyon ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Kontribusyon ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang 21$^{st}$ *century skills* habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.




Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Kontribusyon ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang iyong mga sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto na makikita sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyo na panibagong gawain upang pagyamanin ang kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng mga pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mga mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaaring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino mang kasamahan mo sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, mararanasan mo ang makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

**Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa interaksiyon ng tao sa kaniyang kapaligiran na nagbigay-daan sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnan na nagkaloob ng mga pamanang humubog sa pamumuhay ng kasalukuyang henerasyon.

**Pamantayan sa Pagganap**

Ang mga mag-aaral ay nakabubuo ng panukalang proyektong nagsusulong sa pangangalaga at preserbasyon ng mga pamana ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig para sa kasalukuyan at sa susunod na henerasyon.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Napahahalagahan ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig. MELC 6, Q1 Week 8/AP8HSK-Ij-10



# Alamin

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka na maunawaan ang mga mahahalagang datos tungkol sa kontribusyon ng sinaunang kabihasnan sa daigdig. Ang kaalaman mo sa mga sinaunang kabihasnan ay mabisang hakbang upang iyong makilala at mapahalagahan ang mga naging ambag ng mga sinaunang kabihasnang ito.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang mas madaling maunawaan ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa pagtatalakay tungkol sa **Kontribusyon ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig** na nahahati sa sumusunod na paksa:

- **Paksa 1**- Ang Kabihasnang Mesopotamia
- **Paksa 2**- Ang Kabihasnang Indus
- **Paksa 3**- Ang Kabihasnang Tsino
- **Paksa 4**- Ang Kabihasnang Egypt

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:**

- Napahahalagahan ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig. **(MELC 6)**

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- naiisa-isa ang kontribusyon ng sinaunang kabihasnang Mesopotamia, Indus, Tsino, at Egypt;
- nasusuri ang mahahalagang ambag ng mga sinaunang kabihasnan sa iba't ibang larangan;
- natutukoy ang kahalagahan ng kontribusyon ng sinaunang kabihasnan sa kasalukuyang panahon;
- nagagawa ang tsart at nakapagsulat ng kuwento sa pagpapahalaga ng kontribusyon sa sinaunang kabihasnan.

## *Subukin*

Sukatin ang iyong kaalaman tungkol sa mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan ng daigdig. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Anong mahalagang estruktura ang nagawa ng kabihasnang Mesopotamia kung saan dito idinadaos ang pagsamba sa kanilang diyos?
   A. Templo ni Babel  C. Templong Ziggurat
   B. Templo ni Hammurabi  D. Templo ng mega Paraon

2. Ano ang tawag sa kalipunan ng mga batas na naging batayan sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga sinaunang tao sa Mesopotamia?
   A. Kodigo ni Moses  C. Kodigo ni Kalantiyaw
   B. Kodigo ni Hammurabi  D. Kodigo ng mga Paraon

3. Ano ang gamit ng cuneiform na unang naimbento ng mga sinaunang tao sa Mesopotamia?
   A. Umunlad ang sistema ng kanilang kalakalan sa mga karatig pook.
   B. Natutunan rito ang paggawa ng kauna-unahang mapa sa buong daigdig.
   C. Ito ang nagsilbing paraan ng mga sinaunang tao sa kanilang pagsusulat.
   D. Natutunan ng mga sinaunang tao sa Mesopotamia ang pagsunod sa batas.

4. Ano ang pinatunayan ng pagtatayo ng mga natuklasang kalsada, *sewerage system* at iba pang uri ng estruktura sa matandang lungsod ng Mohenjo-Daro at Harappa?
   A. Sumailalim ang lungsod sa maayos na sistema ng agrikultura
   B. Ang lungsod ay itinayo ng isang may kapangyarihang nilalang
   C. Sumailalim ang lungsod sa tinatawag na urban city planning
   D. Sumailalim ang lungsod sa isang payak na pamumuhay lamang

5. Ang tanyag na Taj Mahal ay naging pamana ng alin sa mga nabanggit na kabihasnan?
   A. Egypt  C. Mesopotamia
   B. Indus  D. Tsino

6. Alin sa sumusunod na estruktura ang naitayo sa panahon ng dinastiyang Qin o Ch'in?
   A. *Ziggurat*  C. Piramide
   B. *Great Wall*  D. Templo

7. Ano ang tawag sa sistema ng pagsulat ng mga Egyptians na gumagamit ng pagsasagisag sa isang larawan na inuukit sa mga luwad at mga moog?
   A. Alpabeto  C. *Cuneiform*
   B. *Calligraphy*  D. *Hieroglyphics*

8. Sa anong bansa unang natutunan ang paraan ng pag-iembalsamo na tinatawag na *mummification*?
   A. Egypt
   B. China
   C. India
   D. Mesopotamia

9. Sa kasalukuyang panahon, paano natin pinapahalagahan ang mga pamana ng mga sinaunang kabihasnan?
   A. Sa pamamagitan ng pagsasaulo sa kanilang mga nagawa.
   B. Sa pamamagitan ng paggawa ng mga kahanga-hangang bagay
   C. Sa pamamagitan ng paghahalintulad sa kanilang ambag sa kasalukuyan.
   D. Sa pamamagitan ng paghanga at pagpapanatili sa kanilang mga pamana.

10. Paano nakatulong ang kalakalan sa pamumuhay ng mga tao sa sinaunang panahon?
    A. Nakasalalay dito ang pag-unlad ng agrikultura.
    B. Dito lamang nakadepende ang yaman ng bansa.
    C. Natutugunan nito ang iba pang pangangailangan ng tao.
    D. Nagkakaloob ito ng kaayusan at katahimikan ng lipunan.

11. Saang mga pook sumibol ang kabihasnang Indus?
    A. Mohenjo-Daro at India
    B. Mohenjo-Daro at Harappa
    C. India at Harappa
    D. Indiana at Harappa

12. Ano ang katawagan ng *geomancy* sa Tsina?
    A. Feng Shui
    B. Yang
    C. Yin
    D. Yuan

13. Bakit mahalaga ang Kodigo ni Hammurabi?
    A. Dapat sundin ang namumuno sa lipunan.
    B. Dapat sundin ang relihiyon at paniniwala.
    C. Dahil mahalaga ang makapag-aral at matuto.
    D. Sapagkat naging gabay ito sa aspekto ng buhay ng tao.

14. Ano ang kahalagahan ng panitikang Ramayana?
    A. Pinag-uusapan ang buhay ni Prinsipe Rama
    B. May kapangyarihang taglay si Ravana kay Prinsipe Rama
    C. Ipinadama ang pagmamahal ni Prinsipe Rama sa Prinsesa
    D. Nagpahiwatig ng katapangan si Prinsipe Rama laban kay Ravana

15. Bakit itinayo ang *Great Wall of China*?
    A. Depensa sa bagyo
    B. Pananggalang sa baha
    C. Depensa sa mga kalaban
    D. Harang sa anumang kalamidad

# Aralin 1 Kontribusyon ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig



## *Balikan*

Punan ng mga kinakailangang datos sa talahanayan at isulat sa sagutang papel.

| **Mga sinaunang kabihasnang** | **Lambak - ilog** | **Bansa kung saan ito matatagpunan** |
|---|---|---|
| Mespotamia | | |
| | Nile | |
| | | Tsina |
| | Mohenjo-Daro | |



# *Tuklasin*

Basahin ang mga katanungan sa tsart. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang ambag ng Mesopotamia sa larangan ng pagsulat at inhenyeriya?
2. Ano ang ambag ng Indus sa larangan ng panitikan?
3. Ano ang ambag ng Tsino sa larangan ng astronomiya?
4. Ano ang kontribusyon ng Egypt sa larangan ng inhenyeriya?




## *Suriin*

Ang mga sinaunang kabihasnan sa daigdig ay nag-iwan ng pamana sa sangkatauhan. Sa tingin mo ba ang mga pamana ng sinaunang kabihasnan ay nakatulong sa kasalukuyan? Alin kaya ang tumatak sa buhay ng tao?

### Kontribusyon ng Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig

#### Ziggurat



Ang Ziggurat ay isang estruktura na naging sentro ng pamayanan sa Mesopotamia. Dito ginaganap ang pagpaparangal at pagsamba sa diyos o patron ng mga sinaunang tao.

#### Code of Hammurabi

Ang Code of Hammurabi ay naglalaman ng 282 na mga batas na pumapaksa sa pang araw-araw na pamumuhay ng mga sinaunang tao o sinaunang Babylonia.



**Cuneiform**

Ang Cuneiform ay isang sistema ng pagsulat na nilinang ng mga Sumerians na unang nakatira sa Mesopotamia.




**Epic of Gilgamesh**




Ang Epic of Gilgamesh ay itinuturing na kauna-unahang akdang pampanitikan sa larangang ng literatura sa buong daigdig. Ito ay kuwento ni Haring Gilgamesh ng lungsod-estado ng Uruk sa Sumeria noong ikatlong siglo BCE na kahalintulad sa kuwento ng *The Great Flood* ng Bibliya.

**Iba pang kontribusyon**

Ang ibang kontribusyon na nakatulong sa mga Sumerian ay ang water clock, paggawa ng unang mapa, sexagesimal system o pagbilang na nakabatay sa 60 at astronomiya.


## Kabihasnang Indus

### Sewerage System



Ang sewerage system ay unang naimbento ng mga *Dravidian* na nakatira *sa* Mohenjo-Daro na nagtaguyod ng Kabihasnang Indus. Ipinapakita nito ang kakayahan ng mga sinaunang tao sa larangan ng *urban city planning* kung saan nakaayos na parang nagsasalubong na guhit o *grid pattern* ang mga kalsada dito.

### Arthasastra



Ang *Arthasastra* ay kauna-unahang akda o *treatise* tungkol sa pamahalaan at ekonomiya. Isinulat ito ni Kautilya, noong ikatlong siglo B.C.E. na siyang tagapayo sa tagapagtatag ng imperyong Maurya na si Chandragupta Maurya.

### Ayurveda



Ang *Ayurveda* o "Agham ay binibigyang diin ang mahalagang kaisipang pangmedisina sa India. Ito ang nagpanatili ng kalusugan at kaligtasan ng mga tao.

**Ramayana at Mahabharata**



Ang *Ramayana* at *Mahabharata ay* epikong pamana sa larangan ng panitikan sa India. Ang salaysay ng Mahabharata ay umiikot sa dalawang magkakamag-anak na pamilyang Pandava na kumakatawan sa kasamaan at kaguluhan. Samantala ang Ramayana ay umiikot sa buhay pag-ibig nina Prinsipe Rama at Prinsesa Sita.

**Iba Pang Kontribusyon**

Ilan pa sa mga kontribusyon na tumatak:

- *Decimal System*
- Halaga ng *pi* (3.1416)
- Pamantayan ng bigat at sukat
- Paggamot at pagbubunot ng ngipin
- Pinagmulan ng mga relihiyon (Buddhism, Jainism, Hinduism at Sikhism)
- Taj Mahal

## Kabihasnang Tsino

***Great Wall of China***

Ang *Great Wall of China* ay naitayo sa panahon ni Shih Huang Ti ng dinastiyang Qin o Ch'in bilang proteksyon sa pag-atake ng mga kalaban.



**I Ching at Bing Fa**




Ang *I Ching at Bing Fa* ay isinulat ni Sun Zi o Sun Tzu noong 510 B.C.E.

Inilalahad sa *I Ching* ang perspektiba at pamamaraan ng prediksyon sa buhay ng tao ukol sa iba't ibang bagay at sitwasyon. Samantala, ang *Bing Fa* ay itinuturing na kauna-unahan at pinakatanyag na aklat ukol sa estratehiyang militar. Ang dalawang aklat na ito ay ilan sa mga mahalagang ambag ng Tsina sa aspekto ng panitikan at literatura.

**Feng Shui**

Nagmula sa China ang F*eng Shui* o *geomancy.* Nakapaloob dito ang paniniwala ukol sa tamang pagbalanse ng yin at yang upang makapagdulot ng magandang hinaharap sa buhay.



**Yin** – malambot at kalmado sumisimbolo sa kababaihan.
**Yang** – matigas at masigla sumisimbolo sa kalalakihan.


**Iba pang kontribusyon**

Ang iba pang tumatak na mga kontribusyon ng Tsina sa daigdig:

- *Abacus*
- *Chopsticks*
- *Magnetic compass*
- *Seismograph*
- *Star map*
- *Sundial*
- *Water clock*
- *Wheel barrow*
- Kalendaryo
- Paggamit ng silk o seda
- Pamaypay at Payong

## Kabihasnang Egypt


### Piramide



Ang *pyramid* o piramide ay libingan ng mga Pharaoh na hitik sa mga simbolismong relihiyoso at kapangyarihan ng mga namumuno. Makikita sa piramide ang lahat ng kayamanan, karangyaan, paghahanda sa kabilang buhay, paniniwala sa buhay matapos ang kamatayan.

### Mummification

Ang *Mummification* ay unang isinagawa ng mga *Egyptian* kung saan *a*ng katawan ng isang yumao ay isinasailalim sa isang preserbasyon na gumagamit ng kemikal upang patuyuin ang bangkay bago tuluyang ilibing. Pagkatapos pinipintahan, binabalutan ng telang linen, pinapalamutian ng alahas ang isang mummy o embalsamadong bangkay.



### Hieroglyphics



Ang *Hieroglyphics* ay isang sistema ng pagsusulat ng mga *Egyptian* na naging mahalaga sa pagtatala at kalakalan. Ang mga rolyo ng pergamin o *paper scroll* ay mula sa malatambong halaman na tinatawag na papyrus.  Nakaguhit ang isang larawan na sumasagisag ng isang kaisipan, nakasulat sa mga papel, nakaukit sa mga pampublikong gusali at nakapinta sa luwad o kahoy.


**Iba Pang Kontribusyon**

Ang iba pang tumatak na mga kontribusyon:

- *Geometry*
- Kalendaryo na may 365 na araw
- Medisina sa pagsasaayos ng nabaling buto
- Pagdiriwang na sagrado

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Ano ang kahalagahan ng mga sinaunang kontribusyon sa pamumuhay ng mga taong naninirahan sa kani-kanilang kabihasnan?
2. Ano-ano ang kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig na kanilang ipinamana sa kasalukuyang panahon?
3. Bakit maituturing na dakilang pamana ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan?



## *Pagyamanin*

**Gawain: I-Tsart Mo Kaya?**


Sagutan ang mga hinihingi na impormasyon sa talahanayan batay sa mga kontribusyon ng apat na sinaunang Kabihasnan. Isulat ito sa sagutang papel.

| **Sinaunang Kabihasnan** | **Larangan** | | |
|---|---|---|---|
| | **Inhenyeriya** | **Matematika** | **Panitikan** |
| Mesopotamia | | | |
| Indus | | | |
| Tsino | | | |
| Egypt | | | |

**Gawain: Maglista ka!**

Batay sa talaan ng mga iba pang kontribusyon ng sinaunang kabihasnan, magbigay ng limang (5) bagay na ginagamit ng tao sa kasalukuyang anahon. Isulat sa sagutang papel.

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________
5. ____________________



## *Isaisip*

**Gawain: Kwento-Kwenta!**

Pumili ng isang kabihasnan. Kailangan nakapokus ang iyong atensiyon sa iba pang kontribusyon ng sinaunang kabihasnan. Gamit ang mga paunang salita gumawa ng isang kuwento sa kahalagahan ng mga bagay nito na naging pamana sa daigdig.

Isang araw ________________________________________________

Nang biglang ______________________________________________

Mabuti na lang ____________________________________________

Dahil d'yan _______________________________________________

Mula noon ________________________________________________

at diyan nagtatapos ang ating kuwento.



## *Isagawa*

Itala sa ibaba ang mga pamanang natanggap ng inyong pamilya mula sa inyong mga ninuno o mula sa mga sinaunang henerasyon. Halimbawa mga bagay, kaugalian, tradisyon, alahas, lupa, bahay o kahit anuman ang inyong maiisip. Isulat ang hinihingi sa sagutang papel.

| Mga natanggap ng aming pamilya mula sa aming lolo't lola | Mga pwedeng ipamana sa akin ng aking mga magulang | Mga posibleng ipapamana ko sa mga magiging anak ko |
|---|---|---|
| | | |
| | | |



## *Tayahin*

Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Saang mga pook sumibol ang kabihasnang Indus?
   A. Mohenjo-Daro at India  C. India at Harappa
   B. Mohenjo-Daro at Harappa  D. Indiana at Harappa

2. Ano ang katawagan ng *geomancy* sa Tsina?
   A. Feng Shui  C. Yin
   B. Yang  D. Yuan

3. Bakit mahalaga ang Kodigo ni Hammurabi?
   A. Dapat sundin ang namumuno sa lipunan.
   B. Dapat sundin ang relihiyon at paniniwala.
   C. Dahil mahalaga ang makapag-aral at matuto.
   D. Sapagkat naging gabay ito sa aspekto ng buhay ng tao.

4. Ano ang kahalagahan ng panitikang Ramayana?
   A. Pinag-uusapan ang buhay ni Prinsipe Rama
   B. May kapangyarihang taglay si Ravana kay Prinsipe Rama
   C. Ipinadama ang pagmamahal ni Prinsipe Rama sa Prinsesa
   D. Nagpahiwatig ng katapangan si Prinsipe Rama laban kay Ravana

5. Bakit itinayo ang Great Wall of China?
   A. Depensa sa bagyo
   B. Pananggalang sa baha
   C. Depensa sa mga kalaban
   D. Harang sa anumang kalamidad

6. Anong mahalagang estruktura ang nagawa ng kabihasnang Mesopotamia kung saan dito idinadaos ang pagsamba sa kanilang diyos?
   A. Templo ni Babel  C. Templong Ziggurat
   B. Templo ni Hammurabi  D. Templo ng mega Paraon

7. Ano ang tawag sa kalipunan ng mga batas na naging batayan sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga sinaunang tao sa Mesopotamia?
   A. Kodigo ni Moses  C. Kodigo ni Kalantiyaw
   B. Kodigo ni Hammurabi  D. Kodigo ng mga Paraon

8. Ano ang gamit ng cuneiform na unang naimbento ng mga sinaunang tao sa Mesopotamia?
   A. Umunlad ang sistema ng kanilang kalakalan sa mga karatig pook.
   B. Natutunan rito ang paggawa ng kauna-unahang mapa sa buong daigdig.
   C. Ito ang nagsilbing paraan ng mga sinaunang tao sa kanilang pagsusulat.
   D. Natutunan ng mga sinaunang tao sa Mesopotamia ang pagsunod sa batas.

9. Ano ang pinatunayan ng pagtatayo ng mga natuklasang kalsada, sewerage system at iba pang uri ng estruktura sa matandang lungsod ng Mohenjo-Daro at Harappa?
   A. Sumailalim ang lungsod sa maayos na sistema ng agrikultura.
   B. Sumailalim ang lungsod sa tinatawag na urban city planning.
   C. Ang lungsod ay itinayo ng isang may kapangyarihang nilalang.
   D. Sumailalim ang lungsod sa isang payak na pamumuhay lamang.

10. Ang tanyag na Taj Mahal ay naging pamana ng alin sa mga nabanggit na kabihasnan?
   A. Egypt C. Mesopotamia
   B. Indus D. Tsino

11. Alin sa sumusunod na estruktura ang naitayo sa panahon ng dinastiyang Qin o Ch'in?
   A. Ziggurat C. Piramide
   B. Great Wall D. Templo

12. Ano ang tawag sa sistema ng pagsulat ng mga Egyptians na gumagamit ng pagsasagisag sa isang larawan na inuukit sa mga luwad at mga moog?
   A. Alpabeto C. Cuneiform
   B. Calligraphy D. Hieroglyphics

13. Sa anong bansa unang natutunan ang paraan ng pag-iembalsamo na tinatawag na mummification?
   A. Egypt C. India
   B. China D. Mesopotamia

14. Sa kasalukuyang panahon, paano natin pinapahalagahan ang mga pamana ng mga sinaunang kabihasnan?
   A. Sa pamamagitan ng pagsasaulo sa kanilang mga nagawa.
   B. Sa pamamagitan ng paggawa ng mga kahanga-hangang bagay
   C. Sa pamamagitan ng paghahalintulad sa kanilang ambag sa kasalukuyan.
   D. Sa pamamagitan ng paghanga at pagpapanatili sa kanilang mga pamana.

15. Paano nakatulong ang kalakalan sa pamumuhay ng mga tao sa sinaunang panahon?
   A. Nakasalalay dito ang pag-unlad ng agrikultura.
   B. Dito lamang nakadepende ang yaman ng bansa.
   C. Natutugunan nito ang iba pang pangangailangan ng tao.
   D. Nagkakaloob ito ng kaayusan at katahimikan ng lipunan.

## *Karagdagang Gawain*

Magtala ng mga bagay na naging kontribusyon ng sinaunang kabihasnan na pwedeng gamitin ng tao sa kasalukuyang kalagayan ayon sa sumusunod:

| | |
|---|---|
| **Tahanan** | |
| **Paaralan** | |
| **Komunidad** | |



# Susi sa Pagwawasto

**PAGYAMANIN**
Gawain: I-Tsart  Mo kaya

| Sinaunang Kabihasnan | Larangan | | |
|---|---|---|---|
| | **Inhenyeriya** | **Matematika** | **Panitikan** |
| Mesopotamia | Ziggurat | Sexagesimal system | Epic of Gilgamesh |
| Indus | Sewerage system | Decimal System<br>Halaga ng pi (3.1416)<br>Pamantayan ng bigat at sukat | Arthasastra, Ayurveda, Ramayana at Mahabharata. |
| Tsino | Great Wall | abacus | I Ching at Bing Fa, Feng Shui |
| Egypt | Pyramid | geometry | Pagdiriwang na sagrado |

Gawain: Maglista Ka!

| Mga Kabihasnan | Kontribusyon na ginagamit pa sa kasalukuyan |
|---|---|
| Mesopotamia | Sexagesimal system |
| Indus | Decimal system, halaga ng pi |
| Tsino | Abacu, Chopstick, Magnetic compass, Seismograph, Wheel barrow, Kalendaryo, pamaypay at payong |
| Egypt | Geometry, kalendaryo |

**Tuklasin**

1. Ano ang ambag ng Mesopotamia sa larangan ng pagsulat at inhenyeriya?
   Ang ambag ng Mesopotamia sa larangan ng pagsulat  ay cuneiform samantala sa inhenyeriya ay ziggurat.
2. Ano ang ambag ng Indus sa larangan ng panitikan?
   Ang ambag ng Indus sa larangan ng panitikan ay Arthasastra, Ayurveda, Ramayana at Mahabharata.
3. Ano ang ambag ng Tsino sa larangan ng astronomiya?
   Ang ambag ng Tsino sa larangan ng astronomiya ay star map, sundial, at water clock.
4. Ano ang kontribusyon ng Egypt sa larangan ng inhenyeriya?
   Ang kontribusyon ng Egypt sa larangan ng inhenyeriya ay pyramid.

**Sagot: Balikan**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Mesopotamia | Tigris-Euphrates | Iraq |
| 2. | Egypt | Nile | Egypt |
| 3. | China | Huang Ho | China |
| 4. | Indus | Mohenjo-Daro | India |

Subukin

| | | |
|---|---|---|
| 1. C | 6. B | 11. B |
| 2. B | 7. D | 12. A |
| 3. C | 8. A | 13. D |
| 4. C | 9. D | 14. C |
| 5. B | 10. C | 15. C |

Tayahin

| | | |
|---|---|---|
| 1. B | 6. C | 11. B |
| 2. A | 7. B | 12. D |
| 3. D | 8. C | 13. A |
| 4. C | 9. C | 14. D |
| 5. C | 10. B | 15. C |

**Karagdagang Gawain**

| | |
|---|---|
| Tahanan | Pagbilang, pamantayan ng bigat at sukat, pamaypay at paying, kalendaryo |
| Paaralan | Mapa, decimal system, abacus, wheel barrow, geometry |
| Komunidad | Mapa, paggamot at pagbubunot ng ngipin, chopsticks, pagdiriwang na sagrado |

**Isagawa**

| Mga natanggap ng aming pamilya mula sa aming lolo't lola | Mga pwedeng ipamana sa akin ng aking mga magulang | Mga posibleng ipapamana ko sa mga magiging anak ko |
|---|---|---|
| Bahay, lupa, palayan, niyogan | Bahay, lupa, palayan | Bahay, lupa, alahas |

**Isaisip**

Gawain: Kwento-Kwenta!
Isang araw habang abala sa paggawa ng pyramid nadiskubre ang paggamit ng geometry.
Nang biglang pumasok sa isipan kung anong araw na kaya pumasok ang kalendaryo.
Mabuti na lang kunti lang nasugatan sa mga manggagawa kaya nakatulong ang medisina.
Dahil d'yan palaging ginagawa ang pagdiriwang na sagrado ng taga-Ehipto.
Mula noon nagkaisa ang lahat na gamitin sa buhay ang kanilang mga natuklasan.
At diyan nagtatapos ang ating kuwento.

## *Sanggunian*

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014*. Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral.* Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

Philippines. Department of Education. (1995). *Ang Simbahang Katoliko: isang makapangyarihang Institusyon sa Gitnang Panahon – Modyul 8.* Pasig City: Bureau of Secondary Education Project EASE.

Philippines. Department of Education. (1995). *Panahon ng Eksplorasyon at Paglawak ng Teritoryo - Modyul 14.* Pasig City: Bureau of Secondary Education Project EASE.

Philippines. Department of Education. (1995). *Sistemang Piyudal sa Gitnang Panahon sa Europa – Modyul 9.* Pasig City: Bureau of Secondary Education Project EASE.

Philippines. Department of Education. (1995). *Labanan ng mga Bansa sa Daigdig (Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig) – Modyul 17.* Pasig City: Bureau of Secondary Education Project EASE.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph